

Petsang Ipinaskil: _____ Oras na Ipinaskil: _____ Ipinaskil Ng: _____

24 na Oras na Paunawa ng Paglilinis at Pag-alis ng Pag-aari

Mga Kodigong Munisipal ng San Diego 54.0105, 54.0209, 54.0210, 54.0212 at 63.0406

Sa _____, magsasagawa ang Lungsod ng pagbawas alinsunod sa Kodigong
Munisipal ng San Diego 63.0406 sa:

Dapat mong alisin ang iyong mga gamit sa lugar sa loob ng 24 na oras mula sa oras na nakasaad sa itaas. Hindi mo dapat iwan ang anumang gamit na gusto mong itabi. Ang lahat ng mga gamit na maiwan ay aalisin ng Lungsod. Magpapaskil ang Lungsod ng Paunawa ng Pag-impound kung may mga gamit na nakaimbak habang isinasagawa ang paglilinis. Kung nais mong mabawasan ang panganib na mawala ang mahahalagang gamit, kailangan mong sikaping nasa iyo ang mga gamit na iyon sa lahat ng oras, sa pasilidad na imbakan, o sa mga nakikita, malinis, at ligtas na mapupuntahan na mga bag o bin. Kung sa tingin mo ay nakaimbak ang iyong mga gamit, maaari mo itong kunin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa Paunawa ng Pag-impound na ipapaskil pagkatapos makumpleto ang paglilinis, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 858-694-7000, Lunes - Biyernes mula 6:30 am hanggang 5 pm. Makikita rin ang impormasyon sa kung paano mo makukuha ang iyong mga gamit sa website ng Lungsod. Maaari mong kunin ang anumang nakaimbak na gamit nang hindi tinatanong ang tungkol sa iyong kriminal na kasaysayan o mga umiiral pang warrant. Walang bayad para mabawi ang iyong mga gamit. Puwede mong ma-access ang shelter o mga serbisyo, kabilang ang pag-access sa iyong mga personal na gamit, sa pamamagitan ng website ng Lungsod ng San Diego o sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1 San Diego.

Lungsod ng San Diego
Environmental Services Department
Clean SD Division